

An abstract geometric pattern composed of various colored polygons (hexagons, pentagons, and heptagons) in shades of yellow, orange, red, and teal. The pattern is arranged in a way that it appears to be a partial view of a larger, repeating tessellation, with the edges of the pattern visible at the top, bottom, and right sides of the frame. The background is a solid black color.

*Gawad
Tsanselor
2018*





*M*alimit na sinasabing ang kahusayan ng paggawa ay yaong nilalakipan ng pag-ibig at pagmamalasakit. Ang ganitong uri ng paglilingkod ay nananatili at nagpapatuloy sa Unibersidad na may layuning magsilbi ng walang pag-iimbot sa kapakanan ng sambayanan. Dahil dito, ang tema ng Linggo ng Parangal sa taong ito ay “Luwalhati’t Pagsinta,” hango sa linya ng Pambansang Awit ng Pilipinas. Kinikilala ng Unibersidad ang mga natatanging kasapi nito na nagpamalas ng hindi magmamaliw na pagmamahal sa gawain, kasamahan at adhikain upang magsilbing huwaran at inspirasyon ng komunidad ng UP Diliman. Ang pagmamalasakit sa paggawa ay hindi humahangga bagkus ay tumatagos sa paglilingkod sa bansa, sa kabila ng mga balakid sa pagsasakatuparan ng mithiing mapagbuti ang pamumuhay ng mga mamamayan nito. Hindi kailanman matatawaran ang pagsintang inuukol ng mga kinakandili ng Unibersidad; gayunman, hangad ng Linggo ng Parangal na mabigyan ng kaukulang pagpupugay ang mataas na uri ng paglilingkod sa Unibersidad at sa sambayanan.



Gawad Tsanselor Luwalhati

Pambansang Awit ng Pilipinas

Alay-Himig: Luwalhati't Pagsinta

G. Poppert Bernadas

Ang Gawad Tsanselor 2018

Pambungad na Pagbati

Prop. Michael L. Tan, DVM, PhD

Tsanselor, UP Diliman

Gawad Tsanselor para sa Natatanging Lingkod Komunidad

Bb. Isabelita P. Gravides

UP Community Chest Foundation, Inc.

Gawad Tsanselor para sa Natatanging Programang Pang-Ekstensiyon

Aklatang Bayan Publikasyon, *Sentro ng Wikang Filipino*

Paglulual International Ceramic Art Projects, *Kolehiyo ng Sining Biswal*

Pag-alaala

Gawad Tsanselor para sa Natatanging Mag-aaral

G. Joseph Daniel M. Dantes, *Kolehiyo ng Inhenyeriya*

G. Ernest P. Delmo, *Kolehiyo ng Inhenyeriya*

G. Lee Edson P. Yarcia, MD, *Kolehiyo ng Batas*

nselor 2018 *'t Pagsinta*

Gawad Tsanselor para sa Natatanging Kawani

G. John Paulo V. Gonzales, *Opisina ng Pangangalaga sa Kampus*

G. Fernando B. Llano Jr., *Linangan ng Kimistri*

Bb. Imelda R. Reyes, *Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya*

Alay-Himig sa Marangal na Paglilingkod

G. Poppert Bernadas

Gawad Tsanselor para sa Natatanging REPS

G. Rhoel E. Rondilla, *Aklatan ng Unibersidad*

Bb. Marie Antoinette DP. Villaflor, *Kolehiyo ng Agham*

G. Marte C. Villena, *Linangan ng Kimistri*

Gawad Tsanselor para sa Natatanging Guro

Dr. Louis Angelo M. Danao, *Kolehiyo ng Inhenyeriya*

Dr. Ricardo Trota Jose, *Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya*

Dr. Bryan B. Pajarito, *Kolehiyo ng Inhenyeriya*

Prop. Jose Carlo G. De Pano, *Kolehiyo ng Arte at Literatura*

Alay-Himig sa mga Tumanggap ng Gawad Tsanselor

G. Poppert Bernadas

Pasasalamat

Prop. Evangeline C. Amor, PhD

Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Akademiko

UP Naming Mahal

Gawad Tsanselor, Sa Pagdaan ng Panahon

Ni Benito V. Sanvictores Jr

Unang tinawag na UP Diliman (UPD) Awards, hangarin ng parangal na kilalanin ang mga natatanging guro, REPS at kawani.

Ginanap ang unang UPD Awards noong Hunyo 18, 1992 sa panahon ni dating Tsanselor Emerlinda R. Román sa bisa ng Administrative Order Blg. 48 na nilagdaan noong Marso 23, 1992. Ang mga unang nabigyan ng parangal ay 70 at bawat isa ay tumanggap ng medalya, sertipiko at limang libong piso (P5,000) bilang gantimpala. Ang parangal ay isinabay sa pagdiriwang ng pagkakatatag ng UP.

Nagdagdag ng mga bagong kategorya si dating Tsanselor Roger D. Posadas noong 1995 para maisama ang mga mag-aaral at malikhaing gawain at naging 18 na ang mga kategorya. Napalitan din ang pangalan ng parangal at ginawang Gawad Chanselor. Na-triple ang laki ng gantimpala at inilipat sa Pebrero ang pagpaparangal kasabay ng Linggo ng UPD.

Mula 1997 hanggang 1999, sa pamumuno ni dating Tsanselor Claro T. Llaguno, ginawang 20 ang mga kategorya. Ipinatupad din sa panahon niya ang “Hall of Fame” kung saan ang isang nagwagi na nang tatlong ulit sa parehong kategorya ay hindi na maaari pang lumahok. Ang unang “Hall of Famer” ay si dating Tsanselor Caesar A. Saloma na apat na ulit na napili bilang Pinakamahusay na Mananaliksik sa Pangkat ng Agham at Teknolohiya.

Nang umupo muli si Román noong Nobyembre 1999, ipinagpaliban niya ang Gawad Chanselor sa 2001 dahil kakatapos lang ng huling parangal noong Oktubre 1999. Ito ang dahilan kung bakit walang Gawad Chanselor noong 2000.

Ang bas relief ng Oblation na dinisenyo ni Paul Quiaño at medalyon (kapalit ng medalya) ay unang iginawad sa mga nanalo noong 2006 sa panahon ni dating Tsanselor Sergio S. Cao. Noong panahon ding iyon ay tumutok ang parangal sa pangunahing mandato ng pamantasan – ang pananaliksik at pagtuturo – kaya bumaba ang bilang ng kategorya sa apat.

Taong 2006 nang simulan ang “Di Kayo Lilimutin,” isang pagkilala sa mga namayapang kawani at guro. Sinimulan din ang pagdaraos ng Parangal sa mga Retirado at ang pagbibigay ng Gawad Paglilingkod para sa mga naglingkod sa Unibersidad nang 40 taon o higit pa.

Noong 2012, sa administrasyon ni Saloma, siyam lamang ang nabigyan ng parangal. Gayunman, itinaas ang natanggap na gantimpala kumpara sa mga nagdaang taon at idinagdag ang gantimpalang Centennial Professorial Chair.

Dalawang pagbabago ang ginawa noong 2014, panahon pa rin ni Saloma: idinagdag ang bagong kategoryang “Natatanging Mananaliksik sa Filipino” upang mapalakas ang paggamit ng wikang Filipino sa pananaliksik sa lahat ng larang ng pag-aaral; at sinimulang bigyan ang mga nagwagi ng tropeong eskulturang halaw sa isang binubuong Oblation, na ginawa nina Prop. Jamel Joseph A. Obnamia at Prop. Jose Manuel L. Sicat ng Kolehiyo ng Sining Biswal, kapalit ng bas relief.

Noong 2015, sa ilalim ng pamumuno ni Tsanselor Michael L. Tan, binago ang baybay ng parangal at ginawang Gawad Tsanselor. Ibinalik din ang parangal para sa Natatanging Pook matapos nitong mawala nang maraming taon.



Gawad Chanselor 2010



Gawad Chanselor 2005

Itinaas din ang halaga ng mga gantimpala: P130,000 para sa mga Natatanging Guro, Mananaliksik sa Filipino, REPS, Kawani at Pook, at P40,000 para sa mga Natatanging Mag-aaral. Tatanggap ng P100,000 ang yunit ng mga Natatanging Guro at P40,000 para sa yunit ng mga Natatanging Mananaliksik sa Filipino, REPS at Kawani.

Ang lahat ng salaping gantimpala para sa Gawad Tsanselor ay walang kaltas na buwis.

Tinawag na katumbas ng Oscar Awards, sinasalamang ng Gawad Tsanselor ang antas ng pakikiisa ng mga yunit sa parangal na ito. Mapapansin na sa paglipas ng panahon, ang mga kolehiyo o institusyong masigasig sa pagsusumite ng nominasyon ang mga yunit na nakatanggap ng pinakamaraming Gawad Tsanselor.

Mula 1995 hanggang 2017, mahigit 290 tao na ang nabigyang parangal sa pamamagitan ng Gawad na ito – 91 guro mula sa lebel ng instruktur hanggang sa propesor; limang mananaliksik sa Filipino; 67 kawani sa mga kategorya tulad ng superbisor, klerikal at teknikal; 49 research, extension and professional staff (REPS); mga mananaliksik sa iba't ibang larang tulad ng agham at teknolohiya; at 79 mag-aaral sa di-gradwado at gradwadong antas. Siyam na pook din ang binigyang-pagkilala sa mga panahong ito.

Sa hanay ng mga guro, nagmula sa 15 kolehiyo ang mga nagwagi kung saan ang pinakamarami ay nagmula sa Kolehiyo ng Agham o KA (30 guro) na sinundan ng Kolehiyo ng Arte at Literatura o KAL (20). Nangunguna ang Science and Technology (S&T) Cluster sa may pinakamaraming nagwagi, 43 guro, at sumunod ang Arts and Letters (A&L) Cluster, 25 guro. Ang Hall of Famer sa mga guro ay si Dr. Cristina P. Hidalgo ng Departamento ng Ingles at Komparatibong Panitikan ng KAL.

Sa mga mananaliksik sa Filipino, apat ang mula sa

Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng KAL at ang isa ay mula sa Linangan ng Matematika ng KA.

Ang mga nagawarang kawani ay mula sa 26 na mga kolehiyo at yunit kung saan ang pinakamarami ay mula sa KA (9 kawani ng KA at 3 mula sa Linangan ng Saliksik sa mga Likas na Agham [LSLA] na isang yunit sa ilalim ng KA) at sinundan ng Kolehiyo ng Ekonomiyang Pantahanan, 11 kawani.

Sa mga REPS, nagmula sa 19 na mga kolehiyo at yunit ang mga naparangalan, kung saan ang may pinakamaraming nagawaran ay mula sa LSLA, 10 REPS, at sinundan ng University Library (UL) na may pitong REPS. Ang mga Hall of Famer sa REPS ay sina Dr. Ma. Corazon A. de Ungria ng LSLA at Prop. Salvacion M. Arlante ng UL.

Nagmula naman sa 14 na kolehiyo ang mga mag-aaral na tumanggap ng parangal kung saan ang may pinakamarami ay mula sa KA, 22 mag-aaral, na sinundan ng Kolehiyo ng Inhenyeriya (16) at KAL (12). Katulad sa mga guro, ang mga cluster na ninagmulan ng pinakamaraming nagwagi ay ang S&T Cluster (37 mag-aaral) at A&L Cluster (23 mag-aaral).

Mapapansin na sa lahat ng kategorya, marami pang kolehiyo at yunit ang walang natatanggap na parangal. Sa mga guro at mag-aaral, may 27 degree-granting units pero 15 (sa mga guro) at 14 (sa mga mag-aaral) lang ang may parangal. Sa mga kawani at REPS, may mahigit 70 kolehiyo at mga yunit pero 26 (sa mga kawani) at 19 (sa mga REPS) lang ang nabigyang-pagkilala.

Dahil dito, hinihikayat ang pakikiisa ng lahat ng kolehiyo, institusyon at pook upang mabigyang-pagkilala ang mas maraming Natatanging Guro, Mananaliksik sa Filipino, REPS, Kawani, Mag-aaral at Pook sa mga susunod pang taon.

Natatanging Lingkod Komunidad



Bb. Isabelita P. Gravides

Nakamit ni Gravides ang kaniyang batsilyer sa Secondary Education (major in History and minor in English) mula sa Far Eastern University kung saan palagian siyang nasa dean's list. Simula pa noong 2005 ay nagsisilbi na siya bilang chairperson ng Barangay UP Campus (BUPC).

Sa pamumuno ni Gravides, dalawang magkasunod na taon (2015-2016) na nagawaran ang BUPC ng Quezon City Seal of Good Houskeeping (QCSGH) "Gawad Huwarang Pamamahala." Noong sumunod na taon ay tumanggap ito ng pinakamataas na pagkilala ng QCSGH, ang "Gawad Dangal ng Lungsod."

Naglalayon ang QCSGH na isulong ang "primacy of performance, accountability, transparency and participation among local government units."

Naging malaking tulong din ang BUPC Fire Brigade sa pag-apula ng mga sunog na tumupok sa CASAA Food Center, Faculty Center, Alumni Center at UP Shopping Center. Madalas ito ang unang rumeresponde sa lugar ng sakuna.

Nagbigay din ang BUPC ng alternatibong transportasyon para sa mga komyuter nang nagkaroon ng malawakang tigil pasada noong Marso 2018.

UP Community Chest Foundation, Inc.

Ang University of the Philippines Community Chest Foundation, Inc. (UPCCFI) ay isang charitable organization ng UP System na binuo ng faculty at staff. Naglalayon itong paunlarin ang kalidad ng pamumuhay ng mga may sakit, may kapansanan at nangangailangan sa kanilang komunidad.

Unang binuo ang UPCCFI noong 1948 at nagsilbi ito bilang isa sa nangungunang institusyong pangkawanggawa sa loob at labas ng kampus ng UPD.

Nagsasagawa ang UPCCFI ng mga seminar at palihan para ipalaganap ang kamalayan tungkol sa kalusugan at kaayusan, proteksiyon ng kapaligiran, kaligtasan at paghahanda sa mga sakuna, at mga proyektong pangkabuhayan.

Dalawang regular na aktibidad ng UPCCFI na laging maraming pumupunta ay ang Give Blood, Save Lives at Walk for Wellness. Ang Give Blood, Save Lives ay isang bloodletting drive na isinasagawa dalawang beses sa isang taon kaagapay ang National Kidney Transplant Institute at UP Health Service. Ang Walk for Wellness naman ay idinaraos sa Academic Oval na nilalahokan ng higit 100 tao.

Noong Nobyembre 2017, idinaos ng UPCCFI ang Diliman Wellness Week kasama ang Opisina ng Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad, Opisina sa Pagpapaunlad ng Yamang Tao at ang UP Public Health Unit. Sinimulan ito ng Bike for Wellness sa Academic Oval at ng Dance Fitness Group Contest na nilahokan ng limang grupong mananayaw mula sa iba't ibang yunit sa UPD.



Natatanging Mag-aaral



G. Joseph Daniel M. Dantes

Mag-aaral ng Kolehiyo ng Inhenyeriya sa ilalim ng Linangan ng Inhenyeriyang Elektrikal at Elektroniks si Dantes. Kasalukuyan siyang nasa ikalimang taon sa kursong BS Computer Engineering.

Para sa pagtatapos ng unang semestre ng Akademikong Taon (AT) 2017-2018, nakapagtala si Dantes ng General Weighted Average (GWA) na 1.210.

Sa larangan ng computer programming, lumahok si Dantes sa mga kumpetisyong internasyunal tulad ng IEEEExtreme 11.0 noong Oktubre 14-15, 2017, kung saan siya ay pang-35 na puwesto sa 3,342 na kalahok; at Association for Computing Machinery International Collegiate Programming Contest sa Ho Chi Minh, Vietnam noong Disyembre 8, 2017 kung saan siya ay pang-36 na puwesto sa 148 na kalahok.

Bilang patunay sa kanyang kahusayan sa disiplina, isa siya sa mga dumalo sa Korea Advanced Institute of Science and Technology Electrical Engineering Visit Camp noong Disyembre 15-18, 2017.

Noong Pebrero 22-26 ng kasalukuyang taon, kasali rin si Dantes sa Asian Youth Leaders Travel and Learning Camp na ginanap sa Singapore. Kasama ang delegasyon mula sa Pilipinas, nakamit nila ang parangal na Best Content para sa kanilang pagtaguyod ng makamasang edukasyong pang-primarya at sekundarya.

Sa larangan ng public service, nagsisilbi siyang trainer, problem tester at editorialist para sa 2018 National Olympiad in Informatics Philippines.



G. Ernest P. Delmo

Si Delmo ay mag-aaral ng Kolehiyo ng Inhenyeriya sa ilalim ng Departamento ng Inhenyeriyang Kemikal at kasalukuyan nasa ikalimang taon sa kursong BS Chemical Engineering. Siya ay may GWA na 1.089 sa unang semestre ng AT 2017-2018.

Isa siya sa mga nakakuha ng mataas na marka sa UPCAT noong 2013 dahilan upang hirangin siya bilang isang Oblation Scholar. Isa rin siyang DOST Merit Scholar. Simula pagpasok niya sa Unibersidad noong AT 2013-2014 hanggang sa unang semestre ng AT 2017-2018 ay napanatili niya ang pagkakaroon ng GWA na higit na mataas sa 1.45 dahilan upang makamit ang parangal na University Scholar.

Sa kasalukuyan, nangunguna si Delmo sa mga magsisipagtapos sa Kolehiyo ng Inhenyeriya sa darating na Hunyo 2018.

Patuloy na hinahasa ni Delmo ang kanyang karunungan sa pamamagitan ng aktibong pagsali sa iba't ibang pang-akademikong kompetisyon tulad ng Philippine Institute of Chemical Engineers, Inc. (PiChE) National Quiz Bowl kung saan nakamit niya ang kampeonato at ang PiChE Undergraduate Research Competition kung saan nagwagi siya bilang 1st runner-up. Ang mga nabanggit na kompetisyon ay parehong ginanap noong Pebrero 21, 2018. Nagwagi rin siya bilang 1st runner-up sa Executives' Challenge Year XIII, ang kompetisyon na inorganisa ng Civil Engineering Executive Organization ng Kolehiyo ng Inhenyeriya at Agro-Industrial Technology ng UP Los Baños.



G. Lee Edson P. Yarcia, MD

Mag-aaral ng Kolehiyo ng Batas si Yarcia at kasalukuyang nasa ikalimang taon na sa programang Juris Doctor. Siya ay may GWA na 2.0381 sa unang semestre ng AT 2017-2018. Siya ay kasapi rin ng Order of the Purple Feather noong 2014, ang opisyal na honor society ng Kolehiyo ng Batas.

Bago naging mag-aaral ng Kolehiyo ng Batas, nagtapos si Yarcia ng Doctor of Medicine noong 2012 at BS Medical Sciences noong 2010 sa UP Manila Kolehiyo ng Medisina.

Ilan sa kanyang mga natanggap na iskolarsyip ay ang Doy Laurel Scholarship (Nobyembre 11, 2014) na iginawad ng UP Kolehiyo ng Batas at Salvador H. Laurel Scholarship and Development Foundation; Johns Hopkins Bloomberg School of Public Health Global Leadership Program Scholarship (Hunyo 12, 2015); University of California San Francisco (UCSF) International Tobacco Documents Training Scholarship (Hunyo 19, 2015) mula sa UCSF Center for Tobacco Control Research and Education, at ang UP College of Law Scholarship (2015-2016).

Si Yarcia ay lumahok sa iba't ibang kumpetisyon sa loob at labas ng bansa. Isa na rito ang Philip C. Jessup Public International Law Moot Court Competition na inorganisa ng International Law Students Association kung saan kabilang siya sa pangkat na nagkamit ng unang parangal bilang Overall Best Combined Memorial at Overall Best Respondent Memorial noong Pebrero 27, 2017. Lumahok din siya at nagkamit ng unang parangal sa Richard R. Baxter Award for Best Overall Applicant Memorial noong Hulyo 5, 2017.

Natatanging Kawani



G. John Paulo V. Gonzales

Sa kanyang 17 taon na paglilingkod sa UPD, si Gonzales ay magiliw na nagpamalas ng malasakit at walang pag-iimbot na paglilingkod sa Opisina ng Pangangalaga sa Kampus (CMO).

Bilang Administrative Assistant V, isinaayos niya ang proseso ng procurement, storage at pag-iimbentaryo ng mga kagamitan. Ipinatupad niya ang “No Vale Sheet, No Materials” na nagpadali sa pagtutok sa mga paglabas ng mga materyales at kasangkapan sa CMO. Lumikha siya ng online database para sa mga Job Order para sa CMO na nagpapadali ng pangangasiwa sa pang-araw-araw na gawain ng mga tauhan. Siya ay bumuo ng CMO Manual kung saan nakasaad ang mga alituntunin ng opisina, kabilang na ang mga safety protocol, konsepto ng professionalism at gender sensitivity.

Siya ay nagtapos ng Shielded Metal Arc Welding NC II sa Samson College of Science and Technology (2015) at AUTOCAD with Color Rendering Level I and II sa MICROCADD Technologies Co. Inc. (2011). Si Gonzales ang naging utak sa likod ng iminungkahing Child Minding Room sa loob ng CMO. Ang Child Minding Room ay isang lugar kung saan maaaring ilagak pansamantala ang mga anak ng mga empleyado ng CMO habang ginagampanan ang kanilang arawang gawain.

Bilang bahagi ng Quick Response Team, walang pag-iimbot niyang tinutugunan ang mga kahilingang tulong sa kanilang tanggapan sa panahon ng mga sakuna at kalamidad sa Unibersidad tulad ng mga bagyo at sunog.

G. Fernando B. Llano Jr.

Sa halos isang dekada niyang paglilingkod bilang Carpenter II sa Linangan ng Kemistri ng Kolehiyo ng Agham, kanyang nakuha ang respeto at pagmamahal ng kanyang mga kasamahang kawani, REPS at guro.

Ginagawang tugunan ni Llano ang job requests na inihahain sa kanya. Magiliw pa rin ang kanyang disposisyon kahit na alam niyang magiging karagdagang gawain ang mga ito para sa kanya.

Sa gabay ng kanyang superbisor, si Llano ang nagpasimuno sa pagbuo ng samahang “Team Bayanihan,” ang grupong tulong-tulong na nag-aayos sa Linangan upang lalong mapaayos ang paglilingkod ng mga empleyado at pag-aabot ng serbisyo sa iba’t iba nitong publiko.

Kanyang inisyatiba ang paglalagay ng vent structures sa bubong ng Linangan upang mailabas ang chemical fumes na galing sa mga laboratoryo. Siya rin ang nanguna sa paggawa ng sementadong pathway sa gilid ng Research Building upang madali ang paglipat ng mga chemical waste mula sa Research Building patungong chemical waste storage site. Bumuo rin si Llano ng steel ladder mula sa ground floor hanggang third floor ng gusali upang madaling mapuntahan (easy access) ang bubong ng building para sa madaling pag-aayos at pagmimintina ng bubong. Upang makatipid ng tubig at mai-recycle ito, si Llano ang naglagay ng water tank at reversible pump para sa distillation set-up na gamit ng teaching and research laboratories.

Siya ay nagtapos ng Automotive Mechanics/Welder and Fabricator mula sa UCPA Vocational School Cadiz City, Negros Occidental noong 1999.



Bb. Imelda R. Reyes

Nagsimula noong 1997 sa Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya bilang Clerk II sa Departamento ng Sosyolohiya, si Reyes rin ay naging University Research Associate II (Departamento ng Sosyolohiya, 1998), Administrative Officer IV (Linangan ng Populasyon, 2004), at simula 2010, ay Administrative Officer V ng Kolehiyo.

Kilala bilang tahimik ngunit may kakayahang magpasunod sa kanyang nasasakupan, lahat ng nakakakilala kay Reyes ay humahanga sa kanyang hindi maikakailang katapatan at integridad. Siya ay mahusay sa usaping pinansyal at walang pag-iimbot niyang ibinabahagi ang kanyang kaalaman dito.

Naging kabahagi si Reyes ng iba’t ibang pagsasanay, palihan at kumperensya, kabilang dito ang 2017 EROPA General Assembly and Conference on The Role of Public Governance in Achieving Sustainable Development Goals: Transforming, Empowering and Network-Building sa Seoul, Korea noong 2017.

Impormal at mahinahon din niyang pinapaalalahanan ang kanyang mga kasamahan kung kinakailangan patungkol sa mga gawain sa Kolehiyo. Hindi niya isinasawalang bahala ang kahalagahan ng magandang pagsasama ng mga kawani sa opisina.

Si Reyes ay nagtapos ng BS Business Management noong 1992 mula sa Philippine School of Business Administration at may 36 gradwadong yunit para sa Master in Business Administration mula sa Polytechnic University of the Philippines.



Natatanging REPS



G. Rhoel E. Rondilla

Si Rondilla ay College Librarian III at kasalukuyang Punong Tagapamahala ng Aklatan sa Filipiniana Books Section ng Aklatan ng Unibersidad.

Nagtapos si Rondilla ng BS Electrical Engineering noong 1986 sa Far Eastern University at Master in Library Science noong 2003 sa UPD. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kanyang PhD in Public Administration sa Pamantasan ng Lungsod ng Marikina.

May 14 na taon nang naglilingkod sa Aklatan si Rondilla. Bilang Punong Tagapamahala ng Aklatan ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (KAPP) mula noong Enero 2013 hanggang Hunyo 2017, pinasimulan niya ang pag-aayos ng pisikal na itsura at serbisyo nito upang maibigay ng angkop ang pangangailangan ng mga susunod na social scientist. Ilan sa mga serbisyonang ito ay ang 'Roving Librarian,' isang sistema na kung saan ang mga kawani ng Aklatan ng KAPP ay mas proactive sa paglapit sa mga mananaliksik at sa iba pang gumagamit ng Aklatan upang matugunan ang kanilang mga kinakailangang impormasyon. Pinamahalaan rin niya ang pag-install ng mga RFID-based na solusyon para sa "automation" ng Aklatan. Sa loob ng huling tatlong taon, si Rondilla ay dumalo sa mahigit na 20 na pagsasanay na nakatulong sa pagpapaunlad ng kanyang mga kasanayan at kaalaman upang makasabay sa kasalukuyang mga pamantayan ng kanyang propesyon.



Bb. Marie Antoinette DP. Villaflor

Isang College Librarian II, si Villaflor ay naglilingkod sa Aklatan ng Kolehiyo ng Agham mula pa noong 1990. Sa kasalukuyan siya ang Punong Tagapamahala nito.

Ilan sa maraming mga pagbabago o inobasyon na kanyang ipinatupad ay ang pag-iisip at pag-set up ng satellite libraries sa lahat ng mga akademikong yunit ng Kolehiyo; paglikha ng isang database ng mga publikasyon ng mga guro at mananaliksik ng Kolehiyo sa pamamagitan ng Mendeley Database; nagtatag ng isang interactive web-based na tracking system para sa mga kahilingan ng mga guro sa pagbili ng mga libro at iba pang mga mahahalagang materyales para sa aklatan ng Kolehiyo; at pagsusuri at pagbibigay ng mga datos hinggil sa citation count per article ng mga guro at mananaliksik, at H-index ng bawat Lingangan ng Kolehiyo sa pamamagitan ng paggamit ng Scopus.

Ang kanyang saliksik na "The Development of an Interactive Web-based Tracking System for the Purchase of Resource Materials in the College of Science Library, University of the Philippine Diliman: A Tool for the Requesting Faculty Members" ay natanggap na maging bahagi sa 5th International Conference on Asian Special Libraries (ICoASL 2017) na ginanap sa UIN Sunan Kalijaga, Yogyakarta, Indonesia noong Mayo 10-12, 2017.

Nagtapos si Villaflor ng BS Biology noong 1982 sa St. Louis University, Baguio City at ng Master of Library Science noong 1999 sa UPD.


G. Marte C. Villena

Si Villena ay Mananaliksik ng Unibersidad II sa Linangan ng Kimistri, Kolehiyo ng Agham. Naglilingkod siya sa Linangan, lalo na sa Analytical Service Laboratory (ASL) mula pa noong 1990. Isa siyang licensed chemist.

Noong 2016, si Villena ay itinalaga bilang Pollution Control Officer (PCO) ng Linangan. Bilang isang PCO, tinitiyak niya na ang mga chemical waste ng Linangan ay wasto at maayos na naitatapon. Ang kanyang appointment bilang PCO ay kinikilala (accredited) ng Department of Environmental and Natural Resources - Environmental Management Bureau at may bisa hanggang 2019. Si Villena ay itinalaga rin bilang Regulatory Compliance Officer ng Linangan na ang pangunahing gawain ay ang pagbili ng mga kemikal na kontrolado (regulated) ng Philippine National Police at ng Philippine Drug Enforcement Agency.

Sa kasalukuyan, siya ay gumagawa ng pagsasaliksik “Experimental Design of an Advanced Chemistry Laboratory Experiment on UV-Visible Reflectance Spectroscopy” sa ilalim ng Outright Research Grant ng Opisina ng Bise Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad.

Nagtapos si Villena ng BS Chemistry noong 1984 at ng MS in Chemistry noong 1999 sa UPD. Siya ay kasapi ng Integrated Chemists of the Philippines at ng Water Environment Association of the Philippines, Inc.



Natatanging Programang Pang-Ekstensiyon

Aklatang Bayan Publikasyon


Ang Aklatang Bayan Publikasyon o Aklatang Bayan ang programang pang-ekstensiyon ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF)-Diliman na nagsimula noong 2014. Layunin ng programang ito na matulungan ang SWF-Diliman na maisakatuparan ang bisyon nito na “itataguyod ang Filipino bilang midyum ng pagtuturo, saliksik, publikasyon at opisyal na komunikasyon ayon sa tadhana sa wika ng Konstitusyong 1987.”


Pangunahing tagumpay ng programa ay ang paglathala ng mga aklat, manwal at mga sangguniang may direktang pakinabang sa mga partikular na sektor ng lipunan tulad ng mga magsasaka, manggagawang bukid, mag-aaral, guro, manunulat at mananaliksik.

Mula 2014, nakapaglathala na ang SWF-Diliman ng limang aklat sa tulong ng programang ito.

Ang *Bungkalan: Manwal sa Organikong Pagsasaka (2017)* ay nagbigay daan sa Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) na mailathala ang kanilang mga materyal o manuskrito na naglalaman ng mga karanasan nila sa pakikibakang magsasaka, reporma sa lupa at organikong pagsasaka. Dalawang beses itong kinilala ng CNN Philippines bilang isa sa “best Filipino books of 2017.”

Ang *Susmatanon: Kwentong Pambata (2017)* ay sinulat naman ni Eddie “Ka Edong” Sarmiento, isang bilanggong politikal. Pinakita ng aklat na ito na napapanindigan ng SWF-Diliman ang pagkilala sa mga manunulat na walang bahid ng diskriminasyon, anuman ang kanilang politikal na tindig at kalagayan sa lipunan.





Paglulual International Ceramic Art Projects

Ang Paglulual International Ceramic Art Projects o PAGLULUAL Projects ay isa sa mga programang pang-ekstensiyon ng Kolehiyo ng Sining Biswal (College of Fine Arts/CFA) na isinasagawa ng CFA Ceramic Studio mula pa noong Mayo 2015.

Ang programang ito ay inorganisa upang matulungan na maipalaganap at mapaunlad ang sining ng ceramic pottery hindi lang sa mga guro at mag-aaral ng UP kundi pati na rin mga lokal at internasyunal na mga potter, mga guro ng sining mula sa ibang paaralan at unibersidad pati na ang ibang interesado sa ceramic arts at disenyo nito. Sa tulong ng programang ito, napapanatiling buhay ang tradisyon ng ceramic pottery sa bansa.

Ang PAGLULUAL Projects ay nakatapos na ng tatlong bahagi: PAGLULUAL Ceramic Arts Firing Festival noong Mayo 11-12, 2015; PAGLULUAL International Contemporary Ceramic Arts Workshop and Conference (Nobyembre 10-20, 2015); at PAGLULUAL International Ceramic Arts Project (Nobyembre 7-13, 2017). Ang tatlong ito ay ginawa sa Kolehiyo.

Sa tulong ng PAGLULUAL, dumami ang mga nag-aral sa ilalim ng CFA Ceramic Studio Extension Workshops. Mula sa 12 mag-aaral noong Akademikong Taon (AT) 2012-2013, umabot na ito sa 90-100 mag-aaral mula AT 2014-2015.

Natatanging Guro



Dr. Louis Angelo M. Danao

Kawaksing Propesor 2 sa Departamento ng Inhenyeriyang Mekanikal ng Kolehiyo ng Inhenyeriya si Danao, kung saan may 11 taon na siyang nagtuturo. Sa nakalipas na limang taon, naging tagapagturo siya ng walong gradwadong mag-aaral na nakapagtapos na at kasalukuyang tagapagpayo ng tesis ng pitong gradwadong mag-aaral.

Solid and composite mechanics at wind and tidal energy conversion ang larangan ng pananaliksik ni Danao, kung saan marami sa kanyang mga pananaliksik ay nailathala sa Scopus o Clarivate-Analytics indexed journals tulad ng *Energy*, *Renewable Energy* at *Journal of Wind Engineering, Industrial Aerodynamics* at sa mga refereed journal tulad ng *ASEAN Engineering Journal* at *Philippine Engineering Journal*.

Ilan sa mga pinakabagong pananaliksik na nailathala ay ang Wekesa, D.W. Wang, C., Wei, Y., and Danao, L.A., (2017), Analytical and Numerical Investigation of Unsteady Wind for Enhanced Energy Capture in a Fluctuating Free-Stream, *Energy*, 121, pp. 854-864 at ang Bausas, M.D., and Danao, L.A. M., (2016), On the Performance of Vertical Axis Wind Turbines in Steady Wind Under Various Blade Camber Levels, *ASEAN Engineering Journal, Part A: CIE, EEE, EneE & ME/ManuE*, 6 (1), pp.12-26.

Nagtapos siya ng PhD sa University of Sheffield sa United Kingdom noong 2012. Nagtapos din siya ng BS at MS in Mechanical Engineering UPD noong 1986 at 1999.

Dr. Ricardo Trota Jose

Propesor 12 sa Departamento ng Kasaysayan ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya si Jose, kung saan may 36 na taon na siyang nagtuturo. Ang kanyang larangan ng pagdadalubhasa ay ang World War 2 in the Philippines Military History, Diplomatic History at Japanese History. Siya rin ang direktor ng Sentro ng Aralin Ukol sa Ikatlong Daigdig.

Sa nakalipas na limang taon, siya ay nagsilbing mentor sa apat na gradwadong mag-aaral na nakapagtapos na at kasalukuyang tagapagpayo ng tesis ng limang gradwadong mag-aaral. Marami sa kanyang pananaliksik ay nailathala sa mga refereed journal tulad ng *Kasarinlan*, *Social Science Diliman* at *Transpacific Exchanges Vol. 1*. Ilan sa kanyang pinakabagong artikulo ay ang “Central Banking as State Building: Policymakers and Their Nationalism in the Philippines, 1933-1964” na nailathala sa *Social Science Diliman Vol. 13* (1) ng UP Press noong 2017 at ang “Aguilas Aztecas: The Mexican Air Force in the Philippines in World War II” sa *Transpacific Exchanges Vol. 1* (pp.114-126) ng Philippine Academic Consortium on Latin American Studies noong 2017.

Mayroon din siyang mga pananaliksik na naisama bilang isa sa mga kabanata ng aklat na inilimbag ng Ateneo de Manila University Press, AV Manila Creative Publications at ng Springer Publishing sa New York. Ang pinakabago nito ay ang “Bridging East and West: Lectures on Philippine History” na nailathala sa *Philippines-Switzerland: Celebrating 60 Years of Diplomatic Relations* ng Philippine Embassy sa Berne, Switzerland.



Prop. Jose Carlo G. De Pano

Katuwang na Propesor 1 sa Departamento ng Komunikasyong Pasalita at Sining Panteatro ng Kolehiyo ng Arte at Literatura si de Pano kung saan may halos 10 taon na siyang nagtuturo. Kasalukuyan din siyang Kalihim ng Kolehiyo.

Ang kanyang pagdadalubhasa ay nakatuon sa quantitative research, public communication, communication theories at public sociology of deviance.

Nakapaglathala rin si De Pano ng tatlong artikulo sa lokal at internasyunal na mga refereed journal. Ang pinakabago ay ang De Pano, J.C. (2016). Political candidates' credibility and the Filipino youth's voting behaviors: Gauging the influences of ethos in the 2016 Philippine national elections. *Philippine Humanities Review*, Vol. 18 (1) pp. 1-26; at ang De Pano J.C. (2016) Examining the correlations of goodwill with competence and trustworthiness dimensions of ethos: A test in the Philippine setting. *JATI: Journal of Southeast Asian Studies*, 21 (2) pp.143-158.

Naging mentor din siya ng dalawang mag-aaral mula sa gradwadong antas at 10 sa di-gradwadong antas na lahat ay nakapagtapos na at kasalukuyang nagsisilbi bilang tagapagpayo ng tesis ng anim na mga-aaral mula sa di-gradwadong antas.

May titulo siyang MA Sociology mula sa UP Diliman noong 2013 at ngayon ay naghahandang mag-aral ng PhD sa Estados Unidos sa ilalim ng Fulbright Scholarship Grant na magsisimula ngayong Agosto.





Dr. Bryan B. Pajarito

Kawaksing Propesor 2 sa Departamento ng Inhenyeriyang Kemikal ng Kolehiyo ng Inhenyeriya si Pajarito kung saan may halos 12 taon na siyang nagtuturo.

Siya ay may Doctor of Engineering in Chemical Engineering (2012) at Master of Engineering in Chemical Engineering (2009) mula sa Tokyo Institute of Technology sa ilalim ng Hitachi Scholarship Foundation Award.

Siya ay nagsilbing mentor sa 17 na gradwadong mag-aaral na nakapagtapos na at naging tagapagpayo ng tesis sa 49 na di-gradwadong mag-aaral. Kasalukuyang mentor din siya ng siyam na gradwado at 12 di-gradwadong mag-aaral ng Inhenyeriyang Kemikal. Dagdag pa rito, naging tagapagpayo rin siya ng mahigit 30 mag-aaral na nakapaglathala ng pananaliksik papel.

Plastics, rubber, thermosets at polymer composites ang larangan ng kanyang pagdadalubhasa. Marami siyang mga pananaliksik na nailathala sa Scopus o Clarivate-Analytics indexed journals tulad ng *Mechanics of Composite Materials*, *Key Engineering Materials*, *Journal of Plastic and Film Sheeting* at iba pa. May mga pananaliksik din siyang nailathala sa mga refereed journal tulad ng *Science Diliman* at *Advanced Materials Research*.

Ang pinakabagong pananaliksik ay ang Pinton, N.J. and Pajarito, B. (2017), Effect of replacing carbon black with surfactant-modified silica clay on mechanical properties of natural rubber composites, *IOP Conference Series: Materials Science and Engineering*, Vol. 201.



Ang Tropeo ng Gawad Tsanselor

Isang sagisag ng patuloy na paglilingkod sa Unibersidad at sa sambayanan at paghubog ng kagalingan: ito ang kinakatawan ng tropeo ng Gawad Tsanselor.



Kinomisyon ng Lupong Tagapamahala ng Gawad Tsanselor ng UPD noong 2014, magkatuwang na nilikha nina Prop. Jamel Joseph A. Obnamia at Prop. Jose Manuel L. Sicat ng Kolehiyo ng Sining Biswal ang tropeo na isang eskulturang halaw sa imahen ng isang di-tapos na Oblation.

Gawa ito sa polyester resin na ginawang kawangis ng marmol na manilaw-nilaw na puti ang kulay, may taas na 13 pulgada, lapad na 12 pulgada at lalim na limang pulgada. Sa bandang ibaba ay may puwang kung saan ikakabit ang tansong plate na lalagyan ng pangalan, yunit at titulo ng kategorya ng nagwagi.

Inspirasyon ng tropeo—na kilala ngayon bilang tropeo ng Gawad Tsanselor—ang mga eskultura ni Michelangelo na “Slaves.” Ang apat na “Slaves” ni Michelangelo ay nililok mula sa marmol at naglalarawan ng nakasanayan niyang estilo ng paglikha na “non-finito” (di-tapos).

Tulad ng mga likha ng Maestro, ang tropeo ng Gawad Tsanselor ay tila di-tapos. Ito ay kumakatawan sa patuloy na paglilingkod sa Unibersidad at sa sambayanan at paghubog ng kagalingan ng mga nagwagi ng Gawad Tsanselor. Nagsisilbi rin itong tanda na ang pagiging kasapi at kabahagi ng Unibersidad ay hindi natutuldukan.

Unang ipinagkaloob ang tropeo sa 2014 Gawad Chanselor. At noong panahong iyon, eksaktong 25 piraso lamang ang nilikha nina Obnamia at Sicat ngunit dinagdagan din ito ng 25 pang piraso noong taon ding iyon. Ang mga tropeo ngayon ay nasa pag-iingat ng Opisina ng Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Akademiko at tanging ang mga hinirang na Gawad Tsanselor sa UP Diliman ang nagmamay-ari ng mga ito.

14 tumanggap ng Gawad Tsanselor sa 2017

Labing-tatlong kasapi ng UPD at isang pook sa kampus ang pinarangalan noong Gawad Tsanselor 2017, na ginanap sa Awditoryum ng Linangan ng Biolohiya, ika-6 ng gabi noong Abril 27.

Sa mga ginawaran ng pinakamataas na karangalan ng Unibersidad, tatlo ang hinirang na Natatanging Guro, isa ang Natatanging Mananaliksik sa Filipino, tatlo ang Natatanging REPS (Research, Extension and Professional Staff), apat ang Natatanging Mag-aaral, habang dalawa ang kinilalang Natatanging Kawani. Ang Hardin ng Doña Aurora ang kinilalang Natatanging Pook.

Natatanging Guro. Ang Gawad Tsanselor sa Natatanging Guro ay “kumikilala sa mga guro ng UPD na nagpamalas ng angking kahusayan at dedikasyon sa iba’t ibang aspeto ng paglilingkod sa Unibersidad.”

Ang mga kinilalang Natatanging Guro ay sina Prop. Patrick F. Campos mula sa Film Institute ng Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon, si Dr. Maria Cecilia Gastardo-Conaco mula sa Departamento ng Sikolohiya ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya at si Dr. Jonas P. Quilang mula sa Linangan ng Biolohiya ng Kolehiyo ng Agham.

Si Campos ay kinilala para sa “kanyang maalab na pagharap sa mga hamon ng pagiging guro, hindi lamang sa kanyang mga estudyante sa mga klasrum ng UP kundi maging sa mga

manggagawa ng midya at mga guro sa hayskul at kolehiyo sa iba’t ibang bahagi ng bansa, sa pamamagitan ng kanyang adbokasiya at mga inisyatiba sa larangan ng media literacy at film studies sa loob at labas ng unibersidad.”

Si Gastardo-Conaco ay hinirang “Para sa pagsasabuhay ng tunay na diwa ng isang propesor sa UP at sa Sikolohiya; sa pagiging isa sa mga tinitingalang social psychologists sa Pilipinas, at sa kanyang pangunguna sa pagbuo at paglinang ng gradwadong programa sa Social Psychology bilang pagsasanay sa mga susunod na henerasyon ng social psychologists sa bansa.”

Samantala, si Quilang ay kinilala “Para sa kanyang 20 taong paglilingkod sa Linangan ng Biyolohiya bilang isang huwarang guro sa larangan ng Population Genetics, na naging daan upang makapaglaan siya ng kaalaman sa maraming mag-aaral na gradwado at di-gradwado, lalo na sa mga thesis advisee na nakapaglathala rin ng kani-kanilang mga pananaliksik sa mga akademikong lathalain dahil sa kanyang tulong.”

Natatanging Mananaliksik sa Filipino. Si Dr. Ma. Crisanta N. Flores mula sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng Kolehiyo ng Arte at Literatura ang nag-iisang Gawad Tsanselor para sa Natatanging Mananaliksik sa Filipino.

Ang parangal ay “kinikilala ang mga mananaliksik na gumagamit ng wikang Filipino upang ibahagi ang mga kaalaman mula sa kanilang pag-aaral. Ito rin ay para payabungin ang kani-kanilang larangan ng pagpapakadalubhasa at pag-ibayuhin at itaguyod ang paggamit ng pambansang wika bilang wika ng akademikong diskurso.”

Si Flores ay kinilala “Para sa katangi-tanging talas at talino



ng mga saliksik na sumusuri sa malalim na ugnayan ng lalawigan ng Pangasinan at ng kabuuan ng bansa na nagpapayaman sa pambansang kamalayan sa Kulturang Filipino.”

Natatanging REPS. Binibigyang-halaga ng Unibersidad ang ambag ng mga REPS sa pagyabong ng Unibersidad. “Sila ang tahimik ngunit patuloy na tumutuklas at lumilikha ng mga bagong kaalaman at nagpapaunlad sa kasanayan at kahusayan sa paglilingkod bilang kontribusyon sa pagpapaunlad hindi lamang ng komunidad ng UPD, kundi maging ng buong bansa na rin,” ayon sa palatuntunan.

Sa taong 2017, tatlong REPS ang pinarangalan: sina Davin Edric V. Adao ng Linangan ng Biyolohiya, Kolehiyo ng Agham; si Christian Joy P. Cruz mula sa Surian ng Populasyon ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya; at si Eimee Rhea C. Lagrama ng Aklatan ng Unibersidad.

Kinilala sa Kategoryang Pananaliksik si Adao “Para sa bukod-tangi niyang mga pananaliksik sa microbiology at parasitology, lalo na sa kanyang pakikilahok sa mga pananaliksik hinggil sa pagkilala, klasipikasyon at pagsusuri ng ilang mga parasite sa tao at hayop, gayundin sa pagpapaunlad ng mga pamamaraan upang matuklasan ang mga ito.”

Kinilala rin sa Kategoryang Pananaliksik si Cruz “Para sa lawak at lalim ng kanyang mga pananaliksik—at ng mga publikasyong bunga nito—ukol sa pagtanda, pertilidad, kabataan, at iba’t ibang isyung ukol sa kasarian at seksuwalidad; pananaliksik na kanyang ginamitan ng kapuwa kapuri-puring kakayahang mangasiwa at kaalaman sa demograpiya, kaalamang patuloy niyang hinahasa’t ibinabahagi hindi lamang sa loob ng Unibersidad kundi maging sa ibang komunidad, akademiko man o di-akademiko, sa loob at labas ng bansa.”

Samantala, iginawad kay Lagrama ang pagkilala sa Kategoryang Propesyonal Staff “Para sa kanyang husay at dedikasyon sa kanyang katungkulan bilang tagapamahala ng aklatan at pinuno ng Sinupan ng Unibersidad sa Aklatan ng Unibersidad, at sa kanyang mga karagdagang responsibilidad.”

Natatanging Kawani. Ang mga natatanging kawani ay “nagkamit ng tagumpay sa larangan ng paggawa upang mapag-ibayo ang sistemang kinabibilangan at nang sa gayon ay mapataas ang produksyon ng kanilang tanggapan.”

Dalawang kawani ang pinarangalan: sina Eric D. Juanillo ng Tanggapan ng Dekano ng Kolehiyo ng Arte at Literatura at si Shirley R. Simbria-Arandia ng UPD Information Office.

Iginagawad kay Juanillo ang Gawad Tsanselor “Dahil sa kanyang dedikasyon sa pagtupad sa tungkulin bilang Administrative Aide, buong puso siyang nakaagapay at nagpamalas ng hindi matatawarang pagseserbisyo sa Kolehiyo bilang Building Administrator sa lahat ng pagkakataon at hindi inaasahang pangyayari.”

Si Simbria-Arandia naman ay kinilala “Para sa kanyang kapuri-puring paglilingkod sa pamamagitan ng episyente at epektibong pagtupad sa tungkulin bilang Administrative Officer na tumutugon sa pangangailangan ng kanyang tanggapan at ng

ibang opisina. Gamit ang husay at kaalaman sa pagtala at pag-imbentaryo, isinulong at isinakatuparan ang paggamit ng digital at pisikal na pag-aarkibo ng mga publikasyon upang magkaroon ng data and photo bank ang Opisina ng Tsanselor.”

Natatanging Mag-aaral. Ang pinakamataas at pinakaprestihiyosong parangal sa mga mag-aaral na nagtagumpay sa mga gawaing akademiko, nagpamalas ng dimatatawarang pamumuno at huwaran ng dangal at husay sa paglilingkod sa sambayanan ay pinagkaloob sa apat na mag-aaral: sina Katherine Adrielle R. Bersola mula sa Kolehiyo ng Kinetikang Pantao; sina Williard Joshua D. Jose at Dave E. Ramos ng Kolehiyo ng Inhenyeriya; at si Jose Rafael L. Toribio ng Cesar E.A. Virata Paaralan ng Pagnenegosyo.

Si Bersola ay kinilala “Para sa kanyang kahusayan bilang mag-aaral ng kursong Bachelor of Sports Science sa Kolehiyo ng Kinetikang Pantao na may General Weighted Average (GWA) na 1.200 sa unang semestre ng Akademikong Taon (AT) 2016-2017 at kasalukuyang kandidato para sa titulong summa cum laude.”


Si Jose ay pinarangalan “Para sa kanyang kahusayan bilang mag-aaral ng kursong Bachelor of Science in Electronics and Communications Engineering sa Kolehiyo ng Inhenyeriya na may GWA na 1.060 sa unang semestre ng AT 2016-2017 at kasalukuyang kandidato para sa titulong summa cum laude.”

Si Ramos naman ay kinilala “Para sa kanyang kahusayan bilang mag-aaral ng kursong Bachelor of Science in Chemical Engineering sa Kolehiyo ng Inhenyeriya na may GWA na 1.3833 sa unang semestre ng AT 2016-2017.”

Si Toribio ay hinirang “Sa kanyang pagpapamalas ng kahusayan pang-akademiko na pinatunayan niya sa pagiging tuloy-tuloy na University Scholar mula unang semestre ng AT 2013-2014 hanggang sa kasalukuyang semester; sa pagiging kinatawan ng Pilipinas sa Asian Students Venture Forum sa Daejeon, South Korea noong taong 2015; at sa kanyang pagiging 8th best adjudicator ng Northern Luzon InterVarsity 2015.”

Natatanging Pook. Samantala, ang Hardin ng Doña Aurora ay kinilala “dahil sa pagkakaroon nito ng konkretong mga programang pangkomunidad para sa pagpapaganda sa lugar at pangangalaga sa kalikasan; pagmimintina ng mga gusali; pamamahala sa paradahan ng mga sasakyan; pagtitiyak sa kaayusan at seguridad; pagtutulungan bilang magkakapitbahay; at pagpapalakas sa espiritalidad.”

Banyuhay. Sa taong ito, ang tema ng Gawad Tsanselor ay “Banyuhay,” halaw sa pariralang “bagong anyo ng buhay” o metamorphosis, na sumasagisag sa mga “proseso ng pagbabago sa pamamagitan ng dinamikong pag-uugnayan kasabay ng pakikiangkop ang nagbibigay-buhay sa Unibersidad, alangalang sa ikalalago, ikayayabong at ikatitibay nito. Walang-kapaguran mang idinudulot ng paglipas ng panahon ang malalaki at maliliit na pagbabago, hindi pa rin kumukupas ang kasigasigan ng Unibersidad sa paglilingkod at pagtuklas ng mga kaalamang magpapabago sa sambayanan tungo sa ikaiinam nito.”



Gawad Tsanselor 2018 Mga Miyembro ng Search Committee

Natatanging Lingkod Komunidad

Dr. Nestor T. Castro, **Tagapangulo**
Opisina ng Bise Tsanselor sa mga Gawaing Pangkomunidad

Dr. Jose Ernie C. Lope
Opisina ng Pabahay

Dr. Karen Ann B. Jago-on
Opisina ng Ugnayang Pangkomunidad

Natatanging Mag-aaral

Prop. Jerwin F. Agpaoa, **Tagapangulo**
Opisina ng Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangmag-aaral

Dr. Marie Grace A. Gomez
Sentro ng mga Gamit sa Pagkatuto ng UP Diliman

Dr. Shirley V. Guevarra
Opisina ng Pabahay para sa Mag-aaral

Prop. Josephine C. Dionisio
Hukuman ng Disiplinang Pangmag-aaral

Prop. Mitzi A. Reyes
Serbisong Pampagkain ng Unibersidad

Bb. Sittienor M. Domato
Opisina ng Bise Tsanselor para sa Gawaing Pang-magaaral

Natatanging Kawani

Prop. Virginia C. Yap, **Tagapangulo**
Opisina ng Bise Tsanselor para sa Administrasyon

Dr. Angela D. Escoto
Opisina sa Pagpapaunlad ng Yamang Tao

G. Rogelio Estrada Jr.
Opisina ng Pamamahala sa Suplay at Ari-arian

Bb. Ester Mendoza
Opisina ng mga Gawain ng Mag-aaral

Bb. Lucilyn Gardaya
Opisina ng Rehistrador ng Unibersidad

Bb. Shirley S. Arandia
UP Diliman Information Office

Bb. Francisca Vera Cruz
Opisina ng Pangangalaga sa Kampus

Natatanging REPS

Dr. Fidel R. Nemenzo, **Tagapangulo**
Opisina ng Bise Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad

Bb. Elinor May K. Cruz
Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya

Bb. Eimee Rhea C. Lagrama
Aklatan ng Unibersidad

Dr. Giovanni A. Tapang
Kolehiyo ng Agham

Bb. Glennis S. Uyanguren
Linangan ng Maliliit na Industriya

Natatanging Programang Pang-Ekstensiyon

Dr. Fidel R. Nemenzo, **Tagapangulo**
Opisina ng Bise Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad

Prop. Glecyc C. Atienza
Kolehiyo ng Arte at Literatura

Prop. Josefina N. Natividad
Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya

Prop. Leonor E. Diaz
Kolehiyo ng Edukasyon

Prop. Lenore P. dela Cruz
Opisina ng Koordinasyon sa Ekstensiyon

Prop. Manuel Joseph C. Loquias
Kolehiyo ng Agham

G. Edgie Francis B. Uyanguren
Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad
ng Pamayanan

Natatanging Guro

Dr. Evangeline C. Amor, **Tagapangulo**
Opisina ng Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Akademiko

Dr. Ma. Luisa T. Camagay
Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya

Dr. Eulalio R. Guieb III
Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla

Dr. Jose Ernie C. Lope
Kolehiyo ng Agham

Dr. Rosella M. Torrecampo
Office for the Advancement of Teaching

Pangkat Artistiko at Pangkat Pamproduksyon

Pangkalahatang Direktor Punong Abala ng Proyekto Mga Manunulat	José Estrella Jem Roque Javier Kevin Brandon E. Saure Jem Roque Javier Joyce Garcia
Disenyo ng Bidyo Direktor Panteknikal at Disenyo ng Ilaw Tagapamahala ng Entablado Mga Katuwang na Tagapamahala ng Entablado	Barbie Tan-Tiongco Davidson Oliveros John Leonard Gan Eshei Mesina Alice Gonzales
Pangkalahatang Tagapamahala ng Produksyon	Manuel Casalan Bryan Viray Paolo T. Amascual Gillie May Salomon Ma. Cristina Azarcon- Bolivar
Mga Tagapamahala ng Produksyon	

Natatanging Lingkod Komunidad

Bb. Hazel A. Disierto, **Sekretaryat**

Natatanging Mag-aaral

Bb. Sittienor M. Domato, **Sekretaryat**

Natatanging Kawani

Bb. Leizel Lectura, **Sekretaryat**

Mga Miyembro

Bb. Joan Lilo-an
G. Severo Estrada

Natatanging REPS

Mga Miyembro

Bb. Jesusa DJ. Ariñas
G. Dexter C. Ogaco
Bb. Dulce Amor B. Verdolaga

Natatanging Programang Pang-Ekstensiyon

Mga Miyembro

Bb. Marilou B. Jovena
Bb. Joemarie M. Manong
Bb. Hazel L. Meking
G. Luis Jayceel T. Novio

Natatanging Guro

Mga Miyembro

Bb. Eleanor R. Robrigado
Bb. Adeline D. Intervalo
Bb. Daizy F. Agao

Publikasyon, Promosyon at Dokyumentasyon

Dr. Sir Anril P. Tiatco, **Tagapangulo**
Prop. Jem R. Javier, **Kapwa Tagapangulo**

Mga Miyembro

G. Narciso Achico Jr.
Bb. Shirley S. Arandia
Bb. Pia Ysabel C. Cala
G. Raul R. Camba
G. Albino C. Gamba Jr.
Bb. Chi A. Ibay
Bb. Mariamme D. Jadloc
Bb. Haidee C. Pineda
Bb. Anna Kristine E. Regidor
G. Leonardo A. Reyes
G. Benito V. Sanvictores Jr.
G. Kevin Brandon E. Saure
Bb. Evangeline Valenzuela
G. Jefferson Villacruz





Tagapamahalang Komite

Tagapangulo

Dr. Evangeline C. Amor
Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Akademiko

Mga Miyembro

Prop. Virginia C. Yap
Bise Tsanselor para sa Administrasyon

Dr. Nestor T. Castro
Bise Tsanselor para sa mga Gawaing
Pangkomunidad

Dr. Fidel R. Nemenzo
Bise Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad

Prop. Jerwin F. Agpaoa
Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Pangmag-aaral

Dr. Rosella M. Torrecampo
Direktor, Office for the Advancement of Teaching

Dr. Sir Anril P. Tiatco
Direktor, UP Diliman Information Office
Tagapamahalang Opisyal, Opisina ng Inisyatiba
para sa Kultura at mga Sining

Dr. Angela D. Escoto
Direktor, Opisina sa Pagpapaunlad ng Yamang Tao

Dr. Imee S. Martinez
Direktor, Opisina ng mga Ugnayang Institusyonal
ng Diliman

Sekretaryat

Bb. Jessica R. Pagaduan

